

# 1

Mag-a-alas diez na nang marating ni Ingrid ang *Jacobs's Bar* sa Sorsogon City. Pagkaparada ng kanyang motorsiklo ay dali-dali na siyang pumasok sa bar. Pinili niya ang pinakasulok na bahagi ng lugar. Iginala niya ang mga mata. Safe. Bukod sa waiters at bartender, wala siyang nakitang kakilala. Mahirap na. Sa probinsya kung saan lahat halos ay magkakakilala, libangan na ang chismis.

Double shot agad ng *Jack Daniel's* ang in-order niya. Hard drinks ang iniinom niya kapag may pasok siya sa school kinabukasan. Matapang kasi ang amoy ng beer sa katawan. Mahirap tanggalin ang amoy lalo na kung naparami ang inom niya.

English teacher si Ingrid Fernando sa *St. Anthony School*. Magtatatlong taon na siya sa school na iyon. Magtatatlong taon na rin siya sa Barcelona, Sorsogon—ang hometown ng kanyang mga magulang. For her, three years was like a lifetime. Ipinanganak at lumaki kasi siya sa Pasig. Hindi siya sanay sa buhay probinsya. She missed her friends, their bar hopping, her old life.

Nang mag-retire ang tatay niya sa *Unilever*

*Philippines*, nagpasya ang mga magulang niya na bumalik na sa probinsya upang magtayo ng rice mill. May ten hectares kasi silang palayan na kailangang asikasuhin ng kanyang ama.

When her parents asked her to join them in the province, she could have said no. Isipin pa lang ang boring at tahimik na probinsya ay kinikilabutan na siya. Ngunit kinonsyensya siya ng Kuya Arthur niya.

*“Sige na, Sis, samahan mo na sila Daddy sa Pinaric,”* udyok nito. *Pinaric ang barangay nila sa Barcelona. “Malulungkot ang mga iyon kapag hindi ka kasama. ’Buti ka nga, kasama mo sila. Kung may magandang opportunity lang diyan ang mga nurses, di hindi na sana ako nag-abroad para ako na lang ang kasama nila. At least you have a chance to be with them.”*

*“Asus, nangonsyensya ka pa,”* sagot niya. *“Oo na. I’ll give it a try”*

*“Thanks, Sis. Maaasahan ka talaga,”* pambobola pa nito.

Dalawa lang silang magkapatid. Ang Kuya Arthur niya na nurse sa Washington, DC at siya na isang teacher. Sa edad na twenty-five ay mayroon na siyang Master’s Degree in English Language and Literature.

Marami sana siyang mas magandang job opportunities sa Manila ngunit dahil napilitan siyang mag-relocate sa probinsya, nagkasya na lamang siya bilang regular English teacher sa isang private school sa Gubat, Sorsogon—ang kasunod na bayan.

*“Huwag kang mag-alala, Ingrid, maraming binata sa Barcelona. Hindi ka tatandang dalaga, kung iyon ang kinatatakot mo,” panghihikayat ng daddy niya.*

*Natawa siya sa tinuran ng ama. Kabi-break lang nila noon ng boyfriend niyang si Mark kaya wala siyang interes sa mga lalaki.*

*“I’m not in dire need of a man right now. Lalo na’t naaalala ko ang panloloko ni Mark,” sagot niya.*

*Sumama ang mukha ng amang si Pedro nang marinig ang pangalan ng ex-boyfriend ng anak.*

*“Huwag mong banggitin ang pangalan ng babaerong iyon. Kumukulo ang dugo ko.” Ito kasi ang nakahuli sa dati niyang nobyo na may kasamang ibang babae sa mall.*

After living in Barcelona for three years, hindi nangyari ang sinabi ng ama niya. Marami ngang binata pero wala namang nanliligaw sa kanya. She didn’t know why. Palaisipan sa kanya iyon. At dahil matagal na siyang walang boyfriend ay nakakaramdam na

siya ng pagkainip. She was beginning to feel lonely.

Dinalawang lagok niya ang double shot na *Jack Daniel's*. Gumuhit ang init niyon sa lalamunan niya. Nothing would beat her favorite whiskey. Ikinampay niya ang daliri upang senyasan ang bartender. “Isa pa.”

---

Mula sa malayo ay matiim na pinagmamasdan ni Jack ang babae sa gilid ng bar. Mabilis nitong nilalagok ang alak na isinisilbi rito, samantalang paunti-unti lang niyang sinisimsim ang brandy sa kanyang baso.

Hindi niya sana mapapansin ang pagdating nito kung di lang niya narinig ang katabing lalaki. Tinanong nito sa bartender ang pangalan ng kapapasok lang na babae.

“Tol, kilala mo ba’yung bagong dating na babae?” May excitement sa boses nito nang magtanong. “Matagal ko nang hinihintay na bumalik iyan dito. Type ko iyan.”

Lumingon ang bartender sa gawi ng tingin ng lalaki. “Ah, si Ingrid. Regular customer iyan dito. Tomador iyan,” ang natatawang sagot nito. “Kaya lang suplada, walang nakakalapit diyan,” dagdag pa

ng bartender.

Na-curious naman si Jack sa tinutukoy na babae. Tiningnan niya kung sino ang bagong dating. Maganda nga ito. Naka-skinny jeans at strapless blouse, hawak-hawak ang leather jacket. All black. Halata ang magandang hubog ng katawan nito.

Tama nga ang description ng bartender.

Hindi pa halos nag-iinit sa upuan ang babae ay naka-tatlong shot na ito.

*Tomador nga*, sa loob-loob ni Jack.

---

Pagkatapos ng limang shot, nag-iinit na ang katawan ni Ingrid. She was in the mood to dance. Iyon ang trip niya kapag nakainom na siya. She loved dancing. Kaya kahit mag-isa ay tinungo niya ang dance floor. Maharot na inindak ni Ingrid ang balakang niya, sinabayan pa niya ng kanta.

*“Don’t cha wish your girlfriend was hot like me? Don’t cha.”* Pumilantik ang kanyang baywang at balakang. *“Don’t cha wish your girlfriend was a freak like me? Don’t cha...”* Walang pakialam si Ingrid kung halos lahat ng lalaki sa bar na iyon ay nakatingin sa kanya. So far ay wala pang nangangahas na

mambastos sa kanya sa lugar na iyon.

Pinagmamasdan pa rin ni Jack si Ingrid. Bukod pala sa talent nito sa pag-inom ay may talent din ito sa pagsayaw. Naiiling na lang siya habang pinapanood ang malanding pagsayaw nito.

*Parang hindi teacher kung makasayaw.*

Mayamaya pa ay tumayo ang katabi niyang lalaki. May balak yata itong puntahan si Ingrid sa dance floor para makipagkilala. Dali-dali siyang tumayo upang unahan ito sa paglapit sa dalaga. Ayaw niyang mabastos si Ingrid.

“I think it’s time for you to go back to your table, Miss Fernando,” bulong ni Jack sa babae nang makalapit.

Umangat ang tingin ni Ingrid sa pangahas na lalaking humawak sa kanyang braso.

Natigilan siya nang mapagsino ito. Nahimasmasan siya bigla. Napatigil sa pagsayaw. Of all people na makikita niya sa bar, si Jack Mirabueno pa, ang supladong bagong may-ari ng school na pinapasukan niya!

“I take it this is your pastime, Miss Fernando?” makahulugang tanong ni Jack habang hawak siya

sa braso.

Na-intimidate siya sa pag-akay nito. Wala siyang ginagawang masama. She was just enjoying herself.

Bukod pa roon, she was not in his school's premises. He had no jurisdiction over her. She was free to do what she wanted. Kaya't dala na rin ng epekto ng alak ay malakas ang loob niyang sagutin ito.

“Yes. 'Got a problem with that?” she spat.

“Oh, yes,” he answered.

Bago pa mahawakan ni Ingrid ang baso niya ay nakuha na iyon ni Jack mula sa mesa. Nilagok nito ang alak na para sana sa kanya.

Nagpatuloy ito. “You are a teacher, and it is highly inappropriate that you are drunk in that revealing outfit at this time of night. May pasok ka pa sa school bukas o baka naman plano mong um-absent dahil may hangover ka?” akusa nito. Hinagod siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa.

Bigla siyang nanlamig sa tinging iyon ni Jack.

Ano ngayon kung umiinom siya? Being a social drinker didn't make her less of a teacher. Gusto niya sanang sabihin iyon ngunit hindi iyon ang lumabas

sa kanyang bibig.

“I am a responsible drinker,” naibulalas niya.

Para inisin ito at ipakitang hindi siya natatakot ay kagyat niyang kinawayan ang waiter para sa isa pang order ng alak.

Hinarap ni Jack ang lumapit na waiter. “She’d had enough. Uuwi na kami,” sabi pa nito sa lalaki.

Naglabas ito ng ilang lilibuhin at iniwan iyon sa lamesa niya. Mabilis siya nitong iginiya papalabas ng bar.

“Hey!” angal niya.

“You need to go home,” he ordered. “Tahatid kita,” sabi pa nito.

“You don’t need to. May dala akong motor.” Kahit naiinis ay kinontrol niya ang sarili. Itinuro niya ang kanyang motorsiklo.

Nagsalubong ang mga kilay nito nang makita iyon. “How irresponsible,” he said derisively, umiiling-iling pa.

“I beg your pardon?” Nakadama ng galit si Ingrid. Kanina pa siya nagtitimpi sa lalaki. No one could accuse her of being irresponsible.



“You can’t drive that thing. Delikado, lasing ka,” sagot ni Jack.

“I’m not drunk. I have a high alcohol tolerance—” Hindi pa natatapos ni Ingrid ang sasabihin ay mabilis na siyang hinatak ng lalaki papasok sa sasakyan nito. “Oh, no need to be so rough. You don’t have to drag me!” galit na piksi niya.

Galit na ibinalibag nito ang pinto ng four wheel drive. “I don’t have time to argue with you.” Mabilis ini-start ng lalaki ang sasakyan. Ini-automatic lock nito ang pinto para hindi na siya makalabas pa.

“I can assure you that I can go home safely with my motorbike. Matagal ko na itong ginagawa. Hindi ako lasing. This is kidnapping!”

But all her explanations fell on deaf ears. It was too late at any cost, tinatahak na nila ang daan pabalik ng Barcelona. Nilingon niya ang naiwang motorsiklo.

Nabasa nito ang nasa isip niya. “Don’t worry. You can always pick it up tomorrow, kapag hindi ka na lasing. Now, saan ka nakatira?” tanong nito.

“Sa Pinaric, Barcelona,” mataray niyang sagot.

Pinagmasdan niya si Jack. Skinhead ito. Hindi

mapagkakamalang director ng school. Mas bagay itong rakista sa banda. Mapupungay ang mga mata nito, matangos ang ilong, matangkad at malaki ang katawan.

---

Bahagyang sinulyapan ni Jack ang katabing babae. Ibang-iba ito sa babaeng nakilala niya two weeks ago. Formal at conservative ang suot ni Ingrid Fernando nang magpakilala siya bilang bagong mayari ng school na pinagtuturuan nito.

Ngayon, kitang-kita niya ang puno ng dibdib nito. Bahagyang bumaba ang suot ng dalagang strapless blouse nang sumandal ito sa upuan ng sasakyan. Aminin man ng babaeng ito o hindi, alam niyang lasing na ito.

Nasulyapan niya itong humihikab. Mayamaya pa'y narinig na niya ang malamyos nitong paghilik. Nakatulog na ito, marahil dahil sa mabining hangin na nagmumula sa air con ng sasakyan niya.

Naiiling na lang na pinagmasdan ito ni Jack. Kung iba ang kasama ng guro, malamang ay napariwara na ito dahil sa kalasingan. Jack knew he was committing a sin just looking at her, but he believed he could still be a gentleman. Although, he must admit, Ingrid's a

very beautiful lady.

Bago minana ni Jack ang *St. Anthony School* ay matagal siyang nanirahan sa England. Physics teacher siya sa isang community school doon. Namatay ang lola niya two months ago. Nag-file siya ng indefinite leave sa school na pinapasukan sa London upang asikasuhin ang kanyang inheritance dito sa Pilipinas—ang *St. Anthony School* nga. He wanted to give it a try. Isa pa, nami-miss na rin niya ang Pilipinas.

Wala na siyang mga magulang. Both died when he was young. Breast cancer ang ikinamatay ng mommy niya at heart attack naman ang sa daddy niya. Ang Lola Celia niya ang nagpalaki sa kanya. After graduating from elementary, he was sent to a boarding school in England. Doon na rin siya nagtapos ng BS in General Science at eventually nga ay nakapagtrabaho bilang teacher.

He came from a family of educators, at least, from his dad's side. Ang *St. Anthony School* na minana niya ay itinatag ng kanyang lolo forty years ago. He arrived in Sorsogon two weeks ago. Nagpakilala siya bilang bagong may-ari ng school. Nakilala rin niya ang teachers doon.

Ingrid struck him as a conservative barrio lass.

Nakapuyod ang buhok nito at nakasalamin nang unang makaharap niya. But he was sure that behind those glasses were her beautiful eyes.

Maganda si Ingrid. Morena ang balat. Maitim at unat ang buhok. Maganda ang mga mata at maliit ang ilong. Higit sa lahat, maganda ang hugis ng katawan nito na hindi naitago ng school uniform.

Kanina sa bahay ay inip na inip siya. He wished for company. He missed his city life in London. Kaya nagpasya siyang lumabas at maglibang sa bar.

He could have ignored Ingrid when he saw her. She was right; she was not in the school grounds and he had no right to chastise her. Baka kagaya niya ay bored din ito kaya nasa bar. Or baka naman may problema ito at gusto lang maglibang.

But somehow, Ingrid seemed to draw him like a magnet. And with her outfit and sensual dancing, she attracted him. Para bang may energy force ito na kusang humigop sa kanya upang lapitan ito. He approached her on a pretext that he was angry.

Muli niya itong sinulyapan. Mahimbing na itong natutulog. With her half-exposed breasts, he hoped that he could be a gentleman for the rest of the evening.

Maingay ang tunog ng alarm ng cellphone ni Ingrid. Iminulat niya ang kanyang mga mata upang hanapin ang tumutunog na cellphone.

*Time to go to work*, naisip niya.

Nakatagilid siya sa hinihigang kama at gayon na lang ang gulat niya nang ang una niyang nasilayan ay ang matipunong hubad na likod ng isang lalaki.

Napabalikwas siya mula sa pagkakahiga. She realized she was only wearing a loose t-shirt and undies. Nakita niyang nakasampay ang pantalon niya at blouse sa sofa na nasa gilid ng kama.

Katabi ng kanyang damit ay isang navy blue polo shirt at *Levi's* jeans. Sa kabila ng mabigat na ulo dala ng hangover, naalala niyang ang huli niyang kasama kagabi ay ang aroganteng si Jack Mirabueno.

Sa galit ay tumayo siya mula sa kama, pumagilid sa kabilang side at walang atubiling pinadapuan ng malakas na sampal ang mukha ng nahihimbing pang si Jack.

Magkahalong gulat at galit ang naramdaman ni Jack nang magising sa malakas na sampal ni Ingrid. Natulig yata siya sa lakas ng pagkakasampal nito sa

kanya.

“What the hell...!”

Nakaamba pa ito para sa kasunod na sampal ngunit mabilis na siyang nakatayo upang agapan ang kamay nito.

## 2

“Why am I here?” galit na tanong ni Ingrid. Wala siyang pakialam kung ang lalaking ito ang boss niya.

“Good question. What are you doing in my bed?” Jack sneered.

Lalong nainis si Ingrid sa pabalang na sagot nito. Naalala niyang nakatulugan niya ang pakikipagtalo sa lalaki kagabi. Nakalimang double shot na whisky siya kagabi. Marahil dahil pagod na siya bago pa pumunta ng bar kaya madali siyang nalasing. Two weeks advance lesson plan kasi ang tinapos niya bago siya nagtungo sa bar.

“Ano’ng ginawa mo sa akin?” tanong ni Ingrid.

Parang eksena sa pelikulang kinapa niya ang sarili. Wala naman siyang naramdamang kakaiba.

Good. Hindi siya nagahasa ng lalaking ito.

Dahil kung may nangyari sa kanila nang hindi niya nalalaman, tiyak na sampung dobleng galit ang mararamdaman niya ngayon dito. Aba, kung hahalikan siya nito, dapat alam niya. Dapat may consent niya siyempre!

“Don’t worry, I don’t make love to drunk women,” sabi nito nang makita siyang kinakapa pa rin ang sarili.

Binato niya ito ng unan na maagap nitong nasalo.

“Ito pa ba ang igaganti mo sa kabutihang ginawa ko?” tanong nito. “Sana inihulog na lang kita sa bangin sa halip na pinatulog dito sa kama ko. Hindi pa sana ako nasampal,” sabi nito, hinawakan nito ang namumula pang pisngi. “You are so privileged. A lot of women are dying to share my bed.”

Kumilos ang lalaki at mas napagmasdan ni Ingrid ang katawan nito. Ganoon na lang ang pagkamangha niya. Why, the man was in his boxers with the pole up! Didn’t he give a damn that he was almost half naked? Para pang nang-aasar na lalo itong humarap sa kanya habang nagsasalita.

“Well, Miss Fernando, better hurry up. May pasok ka pa sa school,” paalala nito. Hinaplos nito ang pisngi niya.

Iwinaksi niya ang kamay nito. “Pwede kitang idemanda sa ginawa mo. Sexual harassment. You took off my clothes...” aniya sabay sulyap sa damit niyang naka-hang sa sofa. It was then that she caught a glimpse of her black brassiere.



Hell, nakita nito ang dibdib niya!

“I did you a favor. Sa sobrang kalasingan mo ay hindi ka magising kahit na anong yugyog ko sa ’yo. Hindi ko alam kung saan ka nakatira. So I decided na iuwi ka na lang dito. You should be thankful,” saad nito.

Binuksan nito ang cabinet upang kumuha ng tuwalya. “And I didn’t have the heart to let you sleep in your tight clothes so I decided to take them off you. Needless to say, I saw your breasts—nothing new to me. I’ve seen dozens loads of times,” pagmamalaki pa nito.

Muli itong binato ni Ingrid ng unan ngunit nakapasok na ito sa banyo.

“Asshole!” sigaw niya.

“Nice language for a teacher,” narinig niyang tugon nito bago ang tunog ng lagaslas ng tubig mula sa bathroom.

Inis na nagbihis si Ingrid. Kailangan niyang makaalis bago pa lumabas ng banyo si Jack. Kailangan niyang pumasok ng school at dahil wala siyang motor, wala siyang ibang option kundi ang sumakay ng jeep pabalik sa bahay nila. Dahan-dahan siyang pumanaog ng hagdanan.

Nagkasalubong sila ng kasambahay ni Jack na kasalukuyang nagwawalis ng sahig. Napa-‘Susmaryosep’ ito nang makita siya.

Binati niya ito ng magandang umaga. Pagkatapos ay mabilis pa sa kidlat na nilisan niya ang bahay ni Jack. Panalangin na lang niya na hindi siya kilala ng kasambahay nito. Ayaw niyang ma-chismis.

Gaya ng inaasahan niya, naabutan niyang nakaabang ang mommy at daddy niya sa balkonahe ng kanilang bahay. Halata sa mukha ng mga ito ang magkahalong galit at pag-aalala.

“Saan ka nanggaling na bata ka?” tanong agad ni Dolores.

Tahimik namang nakamasid lang si Pedro.

Cool lang ang daddy niya.

“Mommy, Daddy, mamaya na ako magpapaliwanag sa inyo. I need to go to work,” sabi niya na lang.

“Aba, eh, sobra kaming nag-alala. Akala namin ay nakipagtanan ka na,” dagdag pa ng mommy niya.

Sinundan siya nito sa kuwarto. Naiwan ang daddy niya sa balkonahe.

“Eh, ang s’abi ko sa daddy mo, sino naman ang

magtatanan sa 'yo? Wala ka namang boyfriend,” sabi pa ng mommy niya.

Oo nga naman. Three years na siyang walang boyfriend. Her love life was zero, practically non-existent.

Hinarap niya ang ina. “Mommy, mam’ya na tayo mag-usap. Male-late na ako. Don’t worry, I’m fine,” sabi niya. Hinawakan niya ito sa kamay upang igiya palabas ng pinto.

Sumunod naman ito.

Ayaw niyang ma-late sa work dahil ayaw niyang bigyan ng dahilan si Jack na masermunan siya.

---

Kanina sa school ay pinilit niyang magturo nang maayos kahit pa masakit ang ulo at maasim ang sikmura niya. May hangover siya. Sa kabutihang palad ay maluwalhating natapos ang araw niya nang hindi nakikita ang anino ni Jack.

Narinig niya sa bulong-bulungan na lumipad ang school administrator papuntang England at babalik weeks after. Laking pasalamat niya kung ganoon. She didn’t have to deal with him and his arrogance. Wala siyang lakas at huwisyong para harapin ito ngayon.

Inis pa rin siya rito. He took off her clothes. Malay ba niya kung dibdib lang niya ang nakita nito. She was fast asleep. He could have seen everything. Ang kinaiinis lang niya ay hindi niya nakita kung ano ang reaction nito habang tinitignan ang kahubdan niya.

Did he laugh because of her few bulges here and there, or did her figure please him?

Sabi ni Jack kanina sa kanya, he'd seen dozens of breasts at hindi na raw iyon bago rito.

Ibig bang sabihin ay playboy ito? Maraming babae? Well, may karapatan naman itong maging player. With his good looks, gorgeous body and well-endowed 'thingy', it wouldn't be a wonder if all the girls followed him around.

*Kasama na ako?* tanong ni Ingrid sa sarili.

Kanina nang makita niya itong hubad at tanging boxers lang ang suot, nakaramdam siya ng kakaiba.

Parang yelong nawala ang galit niya rito. Bumaba ang level, naging inis na lang mula sa galit. It was weird how seeing his muscular body thawed all her anger away.

Naisip niya, in the first place, wala naman siyang dapat ikagalit dito. Nagmagandang-loob lang ang

lalaking iuwi siya sa bahay nito. Nagtataka lang siya kung bakit bigla siyang nahilo at inantok sa ininom niya, samantalang malakas siyang uminom at pandayo talaga siya sa mga inuman. Pang-warm up nga lang ang ininom niya kagabi. Naisip niya tuloy na baka may naglagay ng pampatulog sa drinks niya. Baka may waiter doon sa bar na gusto siyang malasing at gawaan ng masama.

Was Jack her silent hero? Baka kung hindi ito dumating ay napariwara na siya. Kung hero niya ito, hindi pala ito deserving na masampal. Na-guilty tuloy siyang bigla sa ginawa nito.

---

Mabibilis na subo ang ginawa ni Ingrid. Gaya ng inaasahan, sandamakmak na sermon ang inabot niya mula sa mga magulang. Gusto niyang matapos na sila sa pagkain para matapos na rin ang sermon. Magaling siyang mag-isip ng excuses para makaiwas sa mommy niya.

“Maraming beses na kitang sinabihan na huwag nang dumayo sa Sorsogon para mag-happy-happy. Yayain mo na lang si Charlotte na pumunta sa bahay,” suhestyon ng ama.

Nagsinungaling siya sa mga ito. Ang sabi niya

ay nawala ang susi ng motor niya kaya nagpalipas siya ng gabi sa isang motel sa Sorsogon dahil hindi siya makauwi.

Si Charlotte ang kahera ng tatay niya sa rice mill nila. Ito lang ang kaedad niyang dalaga sa kanilang barangay. Unfortunately, busy na ito sa bagong boyfriend na sobrang higpit at seloso. Nawawalan na ito ng social life.

“Ay naku, Daddy, may boyfriend na si Charlotte. Ayaw na siyang payagan na uminom ng alak. Wala na tuloy akong ka-jamming,” himutok niya.

“Kaya nga kailangan mo nang magka-boyfriend, para may makasama ka sa buhay,” sabat ni Dolores.

“Eh, sino ba naman ang magkakagusto diyan sa anak mo, eh, lasenggera,” sagot ni Pedro.

Tinitigan nang matalim ni Dolores ang asawa. “Hindi lasenggera ang anak mo, umiinom lang. Walang masama d’un. Ang sabihin mo, mga sobrang conservative ang mga binata dito.”

Natawa si Ingrid sa pandidilat ng ina niya sa kanyang ama. Bukod sa ang mommy niya ang number one niyang taga-sermon, number one din niya itong tagapagtanggol.

Yes, it's true. Tatlong taon na siyang walang boyfriend. Tatlong taon na rin siyang walang sex life. She couldn't find any suitable boyfriend in this town.

Malapit na nga siyang mabuwang. Siguro ang pagiging loveless ang isa sa mga dahilan kung bakit nadadalas ang pag-inom niya.

Lalo pa siyang na-bore nang magka-boyfriend si Charlotte. Nawalan na ito ng time sa kanya.

Naisip niya minsan na baka intimidated ang mga lalaki sa kanya. Strong daw kasi ang personality niya sabi ng ina. Natatakot na raw kaagad ang lalaki sa credentials pa lang niya. Marami rin ang nagsasabing mga kabarangay nila na mukha siyang suplada, kaya takot lumapit ang mga lalaki sa kanya.

Siguro nga, mukha siyang suplada. Kasi hindi naman siya papayag na ang dahilan kung bakit wala siyang manliligaw ay dahil pangit siya.

Bukod sa mga magulang, marami-rami na rin naman ang nagsabing maganda siya. Sabi nga ng kaibigan niyang si Brenda, artistahin daw siya.

“Aba, maghanap-hanap ka na ng boyfriend, Anak. Tumatanda ka na,” paalala ng daddy niya.

*Shit!* Kahit ang magulang niya ay nape-pressure

na sa kawalan niya ng love life. Eh, sino ba naman ang magiging boyfriend niya rito? Wala siyang makitang type niya.

Si Jack sana. Potential boyfriend material. Kaya lang, bad image agad ang nakita nito sa kanya. Ligawan pa kaya siya nito? Eh, mukhang conservative din ang pananaw ng lalaking iyon kahit pa balita niya ay matagal ang inilagi nito sa ibang bansa.

Naaalala pa niya ang sinabi nito.

*“You’re drunk in that revealing outfit.”*

Revealing na ba ang strapless blouse? Hindi naman nakalitaw ang cleavage niya noong suot niya iyon. Ewan.

At kung conservative ito, she definitely could not flirt with him. At dahil babae siya, kailangan niyang hintayin na ligawan siya nito. So, maghihintay na lang siya. Kung sakali man, hanggang kailan? Natatawa siya sa naiisip. Imposible yatang mangyaring magustuhan siya nito.

---

After one week ay nabalitaan niyang nag-submit na ng resignation si Mrs. Lola Valiente sa *St. Anthony School*. Ito ang head ng English Department.



Ipinatawag siya nito sa faculty room.

“Ingrid, I’m going to the U.S. Na-approve na ang petition ko. As it is, I’m recommending you to Mr. Mirabueno to head the English Department,” the older woman said.

Nagulat pero natuwa siya sa narinig. “I appreciate it, Ma’am, but I’m thinking Sally’s next in line.” Mas senior sa kanya ang nabanggit na babae. Teacher ito sa fourth year.

“Well, you produce all our English champions, bukod pa sa ikaw na ang nagpapatakbo ng school paper natin. Seniority aside, mas qualified ka kaysa sa kanya. You have a master’s degree,” paalala ni Mrs. Valiente.

“Kaya lang ayaw kong magalit si Sally. Alam ko, she’s looking forward to replacing you, ’tapos uunahan ko pa,” paliwanag ni Ingrid.

Nagkibit-balikat na lang si Lola. Alam din nito ang mga pagkalat ng chismis at intriga sa school.

“Well, I’m just being professional. At recommendation lang naman ang sa ’kin. The final decision rests with Mr. Mirabueno,” anito.

“Okay, then. Bahala na. But thank you,” sincere

niyang saad.

If the decision rested with Jack, then she was not going to get the position. Lalo pa't alam na nito ang secret pastime niya.

---

Bago umuwi si Ingrid nang hapon na iyon ay tinanong niya si Mrs. Valiente kung nakabalik na ba si Mr. Mirabueno. Hindi pa raw at ang balita ay nag-extend pa ito ng isang linggo.

*Tamang-tama*, naisip ni Ingrid.

Natanggap na niya ang balikbayan box galing sa kuya niya. Pinadalhan siya nito ng *Rémy Martin VSOP*. Kaagad niyang tinawagan si Charlotte para yayaing uminom.

“Tara, Charlotte, punta ka dito. Saktan natin ang padalang alak ni Kuya,” imbita niya.

Gaya ng inaasahan ay may naka-ready made itong excuse sa kanya.

“May lakad kami ni Danny mamaya, girl. Hindi ako p’wede ngayon,” turan nito.

Tumaas ang kilay niya. Lakad? Nuknukan ng kuripot ang boyfriend nito para i-date ang babae.

“Date or ayaw kang payagang uminom?” pagkaklaro niya.

Natawa ito. “Gan’un na rin iyon,” sagot nito. “Gusto mo sa Friday night na lang natin inumin, wala si Danny saka wala kang pasok n’un kinabukasan,” suhestyon nito.

“Gusto kong tikman ’yung alak, eh. Konti lang ang iinum ko. Pampatulog lang,” sagot niya.

Ngunit ang konti ay naging marami. Kinabukasan, parang binibiyak ang ulo niya sa sakit. Matindi pala ang tama ng alak na iyon. Ang sarap kasi ng hagod sa lalamunan kaya naparami ang inom niya.

Tama nga si Charlotte, dapat naghintay na lang siya ng Friday, para walang pasok kinabukasan. Kahit maghapon siyang humiga sa kama para magpalipas ng hangover ay ayos lang.

Mabuti na lang at magpapa-report lang siya sa klase niya ngayon. Nakapag-assign na siya ng magre-report ng topic nila last week pa kaya kampante siyang nakaupo sa likuran ng classroom. Nagpanggap siyang nakikinig kahit ang totoo ay napapapikit paminsan-minsan ang mga mata niya.

Nasa kalagitnaan na ang klase nang maramdaman ni Ingrid na tila ba may mga matang nakatingin sa

kanya. Inilinga niya ang tingin at hindi nga siya nagkamali.

Matiim na nakatutok ang mga mata ni Jack sa kanya. Inoobserbahan siya.

Bigla siyang napatuwid mula sa pahinamad na pagkakaupo sa silya. Tumayo siya at pumunta sa harapan ng klase. Mabuti na lamang at kahit paano ay pahapyaw siyang nakikinig.

“Yes, class, a metaphor is a figure of speech in which an implicit comparison is made between two things with the use of the word ‘like’ or ‘as,’” Ingrid emphasized.

Sinulyapan niya si Jack. Seryoso pa rin itong nakatingin sa kanya. Ikinumpas nito ang kamay upang pigilan ang klase nang magsasalita sana siya sa mga estudyante na batiin ito. He silently motioned for the class to continue.

Hindi pa ito nagpapakilala bilang bagong may-ari ng school sa mga estudyante.

Ibinalik niya ang atensyon sa mga bata.

“One example is ‘Time is gold,’” she expounded. “So how do you think is time being compared to gold?” she asked.

Tinawag niya si Stephanie, ang pinakamahusay na estudyante sa section na iyon.

Tumayo ito. “Ma’am, because like gold, time is precious,” sagot ng batang babae.

“That’s right,” she agreed. Magsasalita pa sana siya ngunit sumingit si Jack.

“Miss Fernando, I’d like to see you in my office after this class,” matigas nitong utos bago tumalikod nang tuluyan.

Kinakabahang sinundan ni Ingrid ng tingin ang papalayong si Jack. Nakita kaya siya nito habang napapapikit ang mga mata niya?

If he did, she was in real trouble.

# 3

“Come in,” narinig niyang sabi ni Jack nang kumatok si Ingrid.

Pumasok siya sa opisina nito. Nakaupo ito sa swivel chair, lukot ang mukha habang hawak ang telepono.

“It’s over. I can’t agree on your terms. I’ll see you when I get back in England,” galit nitong sabi sa kausap bago ibinaba ang phone.

Nakatayo si Ingrid sa harap ni Jack. Uupo sana siya ngunit nag-hand gesture na naman ito na manatili siyang nakatayo.

Lumapit ito sa kanya at itinuro ang pader sa gilid ng mahogany desk nito na nasa tagiliran niya.

“Lean your back on the wall,” mala-Hitler nitong utos. Naroon pa rin ang galit sa tono nito.

Nagtataka man ay sumunod siya sa utos nito.

Ganoon na lang ang gulat niya nang hawakan siya nito sa leeg at halikan sa mga labi. She was caught off guard. He was pinning her body to the wall and kissing her savagely.

Para bang ang galit nito sa kausap kanina ay nabunton sa kanya. Only, in the form of brutal kisses.

Though punishing in manner, his lips were somehow gentle on hers. Hindi naging dahilan ang pagiging brusko niyon upang hindi siya makaramdam ng sensasyon.

“Open your mouth,” utos nitong muli.

Dahan-dahan niyang ibinuka ang mga labi upang bigyang laya ang pananalakay ng bibig ni Jack. She could smell the mixed scent of gum and ciggies. Very manly.

“Good girl,” sabi pa nito bago muling sinakop ang kanyang mga labi.

She was on fire. She had not been kissed for three years, and definitely not this way. Parang debateryang kusang nakipag-espada ang dila niya sa dila ni Jack.

Ngunit mabilis ding tumigil ang lalaki sa paghalik sa kanya. Parang balewalang naglakad ito pabalik sa desk. Naguluhan si Ingrid sa ikinilos ng boss niya.

“Sorry, but did you just kiss me?” tanong niya.

“Yes. I kissed you to confirm my suspicions,” walang abog na sagot nito.

Naguguluhan pa rin si Ingrid. “Suspicious?”

Jack smiled devilishly at her, “Your mouth tastes of mint and alcohol, Ingrid. Hindi maipagkakailang lasing ka habang nagtuturo sa klase, or shall I say *nagpapa-report* habang inaantok sa loob ng klase?”

She was caught redhanded and the only way to save her skin was to pretend that she was angry because he kissed her without her consent.

“There was no need for you to kiss me. You could have just asked!”

“At aaminin mo ba naman na lasing ka? Sa dami ng pabangong iwiniisik mo sa damit mo, sadya mong tinatakpan ang amoy ng alak sa katawan mo. But your mouth cannot conceal such a sweet trace,” sarkastiko nitong sagot.

Naiinis si Ingrid sa kaharap. Parang gusto niyang ipukpok sa ulo ang penholder na nasa desk nito. She thought he kissed her because he liked her. May iba palang dahilan. Now, she was on the verge of losing her job.

“Yes. I had a few shots last night, but I’m not drunk,” depensa niya sa sarili.

“Yes, you are,” pagmamatigas nito.



“Are you sacking me?” Nanginginig na ang boses niya. Nakakahiya kapag na-terminate siya dahil sa pagiging lasenggera.

Natakot siya bigla sa sermon ng mommy niya. Para pa namang dragon iyon na nagbubuga ng apoy kapag galit. At ang chismis sa probinsya, malawak ang sakop. Halos lahat nga kasi roon ay magkakakilala kung di man magkakamag-anak. Ayaw niyang ma-headline.

Naawa naman si Jack sa kaharap. Papaiyak na ang boses nito nang tinanong siya kung ite-terminate ba niya ito. Well, he enjoyed her lips. He would not sack her. Bibigyan lang niya ng verbal warning. He didn't normally believe in second chances, but he could extend the privilege to Ingrid.

Why, she'd made his stay here enjoyable. He enjoyed seeing her. He needed her around.

“I saw you sleeping in the classroom whilst your students are reporting,” paalala ni Jack.

“I was not sleeping,” depensa ni Ingrid.

Nakipagtitigan siya sa amo. Bumaba ang tingin niya sa mga labi ni Jack. Those lips gave her pleasure and now they were accusing her.

“Your students were reporting the lesson rather than you doing it,” he stressed.

Was he questioning her teaching methods?

“Class reporting ends passive learning. It teaches students to gather and organize information making knowledge retention better,” mahabang paliwanag ni Ingrid.

Tumango-tango ito. “I know that. But don’t overdo it. Hindi lahat ng lesson ay ipapa-report mo sa mga estudyante mo,” diin nito.

“Certainly not,” depensa niya.

Lalong kumirot ang ulo ni Ingrid. Ang dahilan kaya ng pagsakit ulit ng ulo niya ay dala ng pagkabitin niya sa halik nito?

*I want more! More!* nakakalokong sigaw ng isip niya.

Gusto niyang mainis sa sarili. Kung anu-ano pa ang naiisip niya gayong mukhang tatanggalin na siya sa school.

“Am I being sacked?” tanong niya ulit dito.

Natahimik kasi itong bigla habang matiim siyang pinagmamasdan. Was he thinking of how he would

fire her? Break it to her gently?

Seryoso itong tumingin sa kanya. “No. Consider this a warning. I want you to act like a professional teacher at all times. You will be under my observation. If I ever see you drunk or anywhere near tipsy, then you’re out,” pagbabanta nito. “Off you go,” utos pa nito.

Naupo na si Jack at itinuon ang atensyon sa mga papeles sa desk nito. Palatandaang gusto na siya nitong lumisan sa silid na iyon.

Tahimik na umalis si Ingrid sa office ni Jack. She was fuming with anger. Pagkatapos siya nitong walang pakundangang halikan sa labi ay ganoon na lamang siya nito ipagtabuyan. Bahagyang ibinalibag ni Ingrid ang pinto paglabas niya.

Naiwang nangingiti si Jack. Alam niyang nagalit si Ingrid sa ginawa niyang pagpapaalis dito. But he had his reason. If she had stayed for another minute, he would have kissed her again.

And this time, he didn’t have a valid excuse.

---

Isang malaking ‘no’ ang sagot ni Jack sa recommendation ng principal na si Mrs. Fe Arabit.

Ni-recommend nitong i-promote si Ingrid na kapalit ng nag-resign na si Lola Valiente, bilang head ng English Department.

“On what grounds?” tanong ni Jack sa principal.

“Marami. Miss Fernando is bright, talented and creative. Hindi siya tulad ng iba nating teacher na napako na sa traditional teaching,” paliwanag ni Mrs. Arabit.

“She has a master’s degree in English and Literature, that’s her main qualification. Hindi pa tapos ng masteral nila ang ibang English teachers dito na mas senior sa kanya. Ingrid is also the editor in chief of our school paper. Magaling siyang mag-inspire ng mga students. She produces our champions.”

Walang imik si Jack. Magaling pala si Ingrid kung ganon. Iniabot sa kanya ni Mrs. Arabit ang employment files ni Ingrid Fernando.

Was Ingrid a living example of ‘Don’t judge the book by its cover’? Kahit mahilig uminom ay kayang ilugar?

Binuklat niya ang tangang folder. Tumambad sa kanya ang nakangiting picture ni Ingrid. Nakakaakit ang ngiti nito.

“She’s got so many things to offer our school, I suggest you consider her,” ani Mrs. Arabit.

Tumango siya. “I’ll think about it.”

---

Naiinis si Ingrid habang ikinakabit ang dalang visual aids. Kung hindi ba naman malas ay late na nga siyang nakapasok, nakita pa ni Jack dahil nasa reception ito kanina. To top that, naiwan pa niya ang one week lesson plan na pinagpuyatan niya kagabi.

Nakita niyang tumingin si Jack kanina sa relo nito habang nagpa-punch siya ng time card. Nais nitong ipakahulugan na late siya. Binalewala niya ito at mabilis na nilisan ang reception area.

“Class, please turn your books to page 105, there’s a poem by William Ernest Henley entitled *Invictus*. I want you to read and understand it. We will discuss the poem bit by bit later,” she told the students.

Mula sa gilid ng mata niya ay nakita niyang nakatayo si Jack sa pintuan. May bitbit itong ilang kulay white na notebook. Shit. Collector na rin ba ito ng lesson plan ngayon? Nakalimutan pa naman niya ang lesson plan niya sa bahay.

“I’d like to excuse Miss Fernando from this class,” ani Jack matapos itong i-greet ng mga estudyante niya.

Alam na niya ang pakay nito. For submission talaga ang lesson plan ngayong araw na ito.

“Can I have your lesson plan, Miss Fernando?” bungad nito.

Huminga muna nang malalim si Ingrid bago nagsalita.

“I’m very sorry, Mr. Mirabueno. Nakalimutan ko sa bahay ’yung lesson plan ko. Akala ko nasa bag ko kasama ng mga visual aids, wala pala,” paliwanag niya.

“Naiwan o nakalimutang gumawa?” May laman ang tanong nito.

Kahit inis ay pinigil niya ang sarili. “Meron, kaya lang ay nagmamadali kasi ako kanina,” mahinahong saad niya.

“How can you teach without a lesson plan?” he asked.

“I have a lesson plan. Naiwan ko lang talaga. With respect to your question, I know the lesson by heart,” nagtitimpi pa ring sagot ni Ingrid.

Gusto niyang idagdag, *For God's sake, I've been teaching this subject for three years, I can teach it with my eyes closed!*

Ngunit pinigilan niya ang sarili.

Tiningnan ni Jack si Ingrid nang derecho sa mga mata. Mukha namang nagsasabi ito ng totoo. Maraming beses na niyang napatunayan na nahuhuli sa mga mata kung nagsisinungaling ang isang tao.

Napayuko si Ingrid upang iwasan ang mga mata ni Jack. Kakaiba ang tingin nito. Wala siyang lakas makipagtitigan. Huwag na, baka ma-in love pa siya sa aroganteng lalaking ito. Ang alam lang yata nitong gawin ay bantayan siya at sitahin sa mga ginagawa niya.

Ang problema ay parati siya nitong nahuhuli. Tulad na lang ngayon, nakapuntos na naman ito. Bumibigat na ang mga ebidensya laban sa kanya. Siya na rin kasi mismo ang nagbibigay ng dahilan para isipin nitong iresponsable nga siya.

“I expect to see your lesson plan tomorrow,” anito bago tumalikod.

Mabuti na lang dahil parang gustong pumatak ng luha niya sa inis!

Nagi-guilty si Jack na parati niyang nasisita si Ingrid. Kanina, may mangilan-ngilan ding teachers ang nakaiwan ng lesson plan ngunit tinanggap niya ang excuses ng mga ito.

Pero hindi ang excuse ni Ingrid. Tinanong pa niya ito kung gumawa ba talaga ito ng lesson plan o hindi. Gusto niyang makasigurong hindi ito nagpapalusot.

Maganda ang record ni Ingrid pagdating sa submission ng lesson plan, test paper at grading sheet. Always on time. Kaya walang dahilan para magduda siya at hindi paniwalaan ang sinasabi nito.

Was he becoming a bully to her? Naaaliw ba siya kapag kaharap ito at nakikitang helpless ito sa mga akusasyon niya? Did she deserve such treatment?

He remembered her lips. So lush. However brief that kiss had been, he felt good. Ingrid Fernando amused him. Nawawala ang boredom na namumuo sa dibdib niya.

Maybe they could be friends. He would like to get to know her better. He did not believe that shit about first impressions. Kung ang performance nito sa school ang pagbabatayan, mahusay ito. Marahilay sa maling pagkakataon lang sila nagkatagpo.



*Intoxicating Love - Aileen Samson*

---

Maybe she did not deserve his accusations. Baka may problema lang itong dinaramdam kaya madalas lasing. Well, kung mayroon man, he planned to find out about it.